

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG PANIMULANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NGAYONG HULYO 06, 1998, 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Eduardo K. Soriano	
Kagawad Juan S. Advincula	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Mae Arlen M. Talens	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

RESOLUSYON BLG. 027

Taong 1998

RESOLUSYONG NAGPAPAHAYAG NG PAGKUNDENA SA NATALONG KANDIDATONG MAYOR NG ROXAS, SILANGANG MINDORO AT DATING BOKAL NG SILANGANG MINDORO ROMULO G. DIZON AT SA KANYANG MGA TAGASUNOD NA NAGSAGAWA NG ISANG RALING PULITIKAL AT ILIGAL NA ASAMBLEYA SA LIWASANG-BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NOONG HULYO 01, 1998.



SAPAGKAT si G. Romulo Dizon, dating Bokal ng Silangang Mindoro at kumandidatong Punong Bayan ng bayang ito ay di nagkapalad na manalo noong halalan ng Mayo, 1998;

SAPAGKAT ang pagkatalo sa pulitika kalimitan ay hindi matanggap ng ilan sa mga kandidato sa maraming kadahilanan na siyang nagiging dahilan upang ang mga ito ay gumawa ng ilang mga bagay na inaakalang nararapat kahit ito'y masasabing iligal o labag sa batas;

SAPAGKAT si G. Romulo Dizon ay naghahabol sa katungkulang pagka-Punong Bayan at sa ganito ay naghain ng petisyon sa hukuman laban sa nanalong Punong Bayan;

SAPAGKAT hindi dito natapos ang gawaing ukol sa pulitika ni G. Dizon dahil noong Hulyo 1, 1998, siya at ang kanyang grupo ay nagsagawa ng isang raling pulitikal na nagwakas sa liwasang-bayan ng Roxas kung saan ito ay masasabing iligal dahil sa kawalan ng pahintulot sa Pamahalaang Bayan.

Teffana



SAPAGKAT kasama sa mga tagasunod at grupong sumama kay G. Dizon ay sina Gng. Blesilda Dizon, guro sa elementarya ng DECS at maybahay ni G. Romulo Dizon, Gng. Nelia D. Alday, kapatid at guro (Teacher-In-Charge) sa paaralang elementarya ng DECS sa Sityo Dalahican, Barangay San Jose, Punong Barangay, John Fradejas ng Libtong, Punong Barangay Samerio Gregorio ng Cantil, Konsehal Ricky Garcia at Konsehal Frederick Faderon ng Libtong, Elizer Bello at iba pa.

SAPAGKAT bagama't ang tao ay may karapatang magsalita ng kanyang iniisip at ipahayag ang mga ito sa kapwa tao, may hangganan ang ganitong karapatan lalo pa't isinagawa ng isang paraang hindi naaayon sa batas;

SAPAGKAT nararapat lamang na ang ganitong gawain lalo pa't sangkot ang mga kawani ng pamahalaan at mga opisyal ng bayan o barangay man ay karakang mabigyan ng aksyon ng kinauukulan upang dagling maputol at di pamarisan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Juan S. Advincula na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipahayag ang pagkundera sa natalong kandidatong Meyor ng Roxas, Silangang Mindoro at dating Bokal ng Silangang Mindoro Romulo Dizon at sa kanyang mga tagasunod sa pagsasagawa ng isang raling pulitikal at iligal na asambleya sa liwasang-bayan ng Roxas, Silangang Mindoro noong Hulyo 1, 1998.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng resolusyong ito sa Kgg. Punong Bayan Jesus M. Dimapilis, MLGOO II Rico Antonico, Dr. Benjamin Cruz, Schools Division Superintendent, Gng. Araceli Rada-Salmorin, Tagamasid-Pampurok, DECS Roxas, Silangang Mindoro at G. Allan Poe Carmona, Civil Service Field Director, Calapan City para sa kanilang kaalaman at karampatang aksyon.

Pinagtibay ng lahat.

Hulyo 06, 1998

PINATUTUNAYANG WASTO:

fr: *toffama*


VIOLETA P. FUENTES

Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan